

A N G B A Y A N

= = = = =

Special Release

(English Edition)

December 1, 1993

Iligal na Konsultasyon  
at Palsipikadong Posisyon

Memorandum ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral  
Para sa mga Yunit ng Partido sa ilalim ng UF Komisyon  
27 September 1993

## ILIGAL NA KONSULTASYON AT PALSIPIKADONG POSISYON

### Memorandum ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral Sa mga Yunit ng Partido sa Ilalim ng NUFC

27 Setyembre 1993

*[Dating limitado ang sirkulasyon ng dokumentong ito. Gayunman, ang mga tagapagtaguyod ng palsipikadong posisyon ng "NUFC" ay patuloy na sinusuwat ang sentral na pamunuan ng Partido at sinasagasaan ang mga istruktura at proseso ng Partido sa pagpapalaganap ng kanilang linya. Kung kayat ang dokumentong ito ay ibinubukas at ipinamamahagi sa lahat ng kadre at kasapi ng Partido. Ang ilang mga taktikal na datos, laluna ang tungkol sa reorganisasyon ng mga yunit at organo ng Partido, ay kinalutas sa dahilang panseguridad. --Editor]*

Ang diumanong "NUFC cadre consultation" na idinaos noong Agosto 4-5 ay isang panlalansi sa mga kadre at yunit ng NUFC at pag-ikot sa mga proseso at patakaran ng Partido upang ilusot ang isang pusisyon ng pakikipagkompromiso sa rebisyonismo, oportunismo, panghahati at likidasyonismo, sa anyo ng panukalang kongreso ng pagkakaisa at paglalagom ng pagkakaisa.

Ang palsipikadong bagong "pusisyon ng NUFC" na pinagbatayan at gumabay sa diskusyon sa "konsultasyon" ay kahawig ng pusisyon ng Grupo ng 13 kadre ng NUFC noong huling kwarto ng 1992, na pinuna at iwinasto ng kumperensya ng mga kadre ng NUFC noong Marso 1993. Pero ang pusisyon ng Grupo ng 13 ay resulta pangunahin ng pagkatangay sa buhos ng disimpormasyong pinakawalan ng mga elementong anti-Partido. Samantalang ang kasalukuyang tangkang ilusot ang "sentristang" pusisyon ay pakana ng ilang namumunong kadre ng NUFC mismo na nanlililang at nanlalansi sa mga kadre at yunit ng NUFC.

Malaki na ang ipinagbago ng sitwasyon ng Partido mula ng huling kwarto ng 1992. Lantad na ang pagkabangkrap ng mga elementong paksyunalista at anti-Partido, ang pananagutan nila sa malalaking paglihis at pagkakamali sa nakaraan na ayaw nilang tanggapin at iwasto, at ang pagtatakwil nila sa mga saligang prinsipyo ng Partido. Higit pa, ang kilusang pagwawasto ay puspung sumusulong na sa buong bansa. Ang malaking mayorya ng kasapiang ng Partido ay matatag na naninindigan sa mga proletaryong rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido at nagwawaksi sa mga dating paglihis at pagkukulang. Sa katunayan, maging ang unang kumperensya ng mga kadre ng NUFC ay sumuporta sa kilusang pagwawasto.

Ngayon, gustong pigilan ng mga promotor ng ilegal na "konsultasyon" ang proseso ng konsolidasyon ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon, at ang lubos na paggapi at pagwawaksi sa mga elementong nabulok, nagtaksil, sumasabotahe at umaatake sa Partido. Sa ngalan ng pagkakaisa, gusto nilang isantabi ng Partido ang kanyang mga prinsipyo, magbulag-bulagan, at makipagkasundo sa walang patumanggang paglapastangan sa integridad ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon.

At sa likod ng panawagan para sa pagkakaisa, sila ay nambubulabog at naninira sa pagkakaisa ng Partido. Nang-uupat sila ng pagdududa, disgusto at diskontento laban sa sentral na pamunuan ng Partido. Pinagtatakpan, binibigyang-matwid at ipinagtatanggol nila ang mga elementong manghahati at anti-Partido habang pinagbubuntunan ng sisi at intriga ang sentral na pamunuan ng Partido. Hinahamak nila ang proletaryong rebolusyonaryong pagkakaisa ng malaking mayorya ng kasapian ng Partido na matatag na nanindigan laban sa todong kampanyang anti-Partido.

Iisa lamang ang wasto at makaprinsipyong pakikitungo sa panlalansi at panlilinlang ng mga promotor ng diumanong "UFC cadres consultation": paglalantad, pagtuligsa at matatag na paglaban.

Sa memorandum na ito ang tatalakayin ay ang mga usapin sa kongreso ng pagkakaisa, paglalagom ng pagkakaisa at katayuan ng NUFC. May hiwalay na papel tungkol sa mga usapin kaugnay ng NDF.

#### **A. Ilegal na "Konsultasyon"**

Upang ilusot ang palsipikadong bagong "pusisyon ng NUFC", dalawang namumunong kadre ng NUFC, sa tulong ng isa pa, ang pataksil na kumilos at nagsabwatan para maidaos noong Agosto 4-5 ang diumanong "NUFC cadres consultation" nang labag sa mga proseso ng Partido at maging ng NUFC.

Ang "konsultasyon" ay ipinatawag, hindi ng anumang lehitimong organo ng Partido, kundi ng ilang kagawad ng KT-NUFC pagkaraang lansihin upang matanggal sa eksena ang dalawa pang kagawad ng komite. Bago ang "konsultasyon", napagkasunduan sa pulong ng KT-NUFC na papasok ang grupo sa sonang gerilya para sa konsultasyong organo-sa-organong na matagal nang ipinapatawag ng KTKS. Umuna sa paglakad ang dalawang kasama sa pag-intindi na

susunod agad ang tatlo pa. Sa halip na sumunod, ang tatlo ay nagpakana ng iligal na "konsultasyon".

Palsipikado din ang bagong "pusisyon ng NUFC" na inihapag, pinagbatayan at gumabay sa diskusyon sa "konsultasyon". Binaligtad ng bagong "pusisyon" ang mga napagkaisahan ng unang kumperensya ng mga kadre ng NUFC noong Marso 1993. Pero ang pagbaligtad ay hindi pinagtibay ng KT-NUFC o ng anumang lehitimong organo ng NUFC, kundi pakana lamang ng iilan. Hindi ito naproseso ni napagtibay sa kinuukulang istruktura ng Partido at ng NUFC. Ikinasa ang iligal na "konsultasyon" upang ilusot ang palsipikadong "pusisyon" at palabasing may tatak ng "desisyon" o "pag-endorso" ng nilinlang na mga kadre ng NUFC.

Ang "konsultasyon" ay lansakang lumalabag sa tamang relasyon ng KTKS at ng NUFC. Ang huli ay isang organong istap na walang kapangyarihang gumawa ng patakaran sa mga usaping saklaw ng sentral na namumunong organo, at lalong walang kapangyarihang gumawa ng sariling patakaran na salungat sa sentral na patakaran. Maraming ulit nang nilinaw ito sa NUFC sa nakaraan at ang KT-NUFC ay ilang ulit nang pinuna dahil sa mga paglabag dito. Salungat din ito sa matagal at ilang ulit nang atas ng KTKS sa KT-NUFC para sa konsultasyong organo-sa-organo. Sa kanyang sulat sa KTKS noong Hulyo 3, 1993, sinabi ng tumatayong tagapangulo ng NUFC na ang kanilang inaasikaso ay ang konsultasyon sa KTKS at hindi sila gagawa ng mga hakbang na labag sa patakaran ng Partido.

Arbitraryo ang pagpili sa mga kadreng padadaluhin at hindi padadaluhin sa iligal na "konsultasyon". May mga kadreng dumalo sa unang kumperensya na hindi inimbitahan sa hindi nilinaw na mga dahilan. May mga yunit na walang kinatawan o hindi sapat ang representasyon, samantalang mayroon namang todo ang mobilisasyon. At habang may mga karapat-dapat dumalo na hindi inimbatahan, mayroon namang pinadalo kahit hindi dapat.

Ang iligal na "konsultasyon" ay nagpapanggap na nasa loob ng istruktura at mga proseso ng Partido. Pero kaalinsabay, ang binigyan ng buong-laya doon ay ang mga ideya ng mga elementong anti-Partido; walang iniwan sa mga tagapagsalita ng mga elementong anti-Partido ang naging pagkilos ng mga kagawad mismo ng KT-NUFC. Samantala, ang sentral na pamunuan ng Partido na sadyang pinaglihiman tungkol sa "konsultasyon" ay tinarget ng mga pag-atake at intriga nang walang pagkakataong magpaliwanag o magtanggol sa sarili. Namayagpag sa "konsultasyon" ang mga pananaw na burgis liberal samantalang

binaluktot at inalipusta ang proletaryong rebolusyonaryong prinsipyo at linya.

Hanggang sa araw na isinapinal ang papel na ito, patuloy na inilililihim sa KTKS ang "konsultasyon" at ang mga pinag-usapan doon. Walang ulat ni sulat ni paabot na salita ang tumatayong tagapangulo ng NUFC, gayong ang mga linya ng komunikasyon ay buo at matamang inaantabayan mula pa Hulyo (para sa pagpasok nila) at laluna mula Agosto (para sa ulat tungkol sa "konsultasyon"). Wala ring sagot sa ilang sulat sa kanya ng mga kagawad ng KT-NUFC na nasa loob ng sonang gerilya. Lahat ng alam namin tungkol sa "konsultasyon" ay mula sa ibang organo ng Partido at mula sa pagkukusa ng ilang indibidwal na kadre sa saklaw ng NUFC.

Diumano, sinabi ng tumatayong tagapangulo ng NUFC na makakarating muna sa mga kinauukulan ang bagong "pusisyon ng NUFC" bago talakayin ito sa mga yunit ng NUFC. Pero habang walang ipinararating sa KTKS, larga na ang pangungumbinsi sa mga yunit ng NUFC sa bagong "pusisyon ng NUFC". Kasing-aga pa lamang ng Agosto 5, 1993, ipinamamalita na sa labas ng NUFC ng isang namumunong kadre ng Kawanihan sa mga Guro ang diumano'y bagong pusisyon ng NUFC sa "rejection".

Ang mga promotor ng ilegal na "konsultasyon" ay nag-aastang mga supersensitibo sa mga usapin sa proseso at due process. Sa sobrang panggigigil nila sa mga usapin sa proseso, isinasantabi at sinasagasaan pa nga nila ang malalaking usapin sa prinsipyo at linya. Pero sa kabila nito, hindi sila nangingimi sa paglalaro sa mga proseso at mga prinsipyo ng Partido at maging sa mga karaniwang pamantayan ng katarungan, katwiran at katapatan.

## **B. Paglalagom ng Pagkakaisa at Pagtigil sa Kilusang Pagwawasto**

Noong unang kumperensya ng Marso 1993, pagkaraan ng puspusan, mahaba at maigting na mga talakayan, nagkaisa ang mga namumunong kadre ng NUFC na sang-ayunan ang paglalagom ng Komite Sentral at itaguyod ang kilusang pagwawasto at ang demokratikong sentralismo ng Partido. Ang pagkakaisang ito ang biglang binabaligtad ng bagong "pusisyon ng NUFC" nang walang inihahapag na sapat at malinaw na mga batayan, at tulad ng nabanggit na, nang hindi dumadaan sa wastong mga proseso ng Partido at ng NUFC.

Sa simula, sinasabi ng bagong "pusisyon ng NUFC" na ang

paglalagom ng KS at ang mga kongklusyon nito ay inisyal pa lamang pero pirmi na. Subalit sa bandang huli, pagkaraang birahin ang gawa-gawang kaso ng "pagwawasiwas bilang absoluto" at pagkaraang magpalipad ng walang batayang mga duda at ispekulasyon sa pagsapol ng KS tungkol sa nakaraang praktika ng Partido, bigla ang pihit sa ganap na kabaligtaran: ang mga kongklusyon ng paglalagom ay sa darating na kongreso pa "matatahi at mapipirmi" (ibig sabihin, inisyal, probisyunal at kalat-kalat pa ang mga ito ngayon). Samakatwid, ang nais ng mga promotor ng "konsultasyon" ay balik uli ang Partido sa umpisa, tigil muna ang kilusang pagwawasto, balik sa wala pang mga kongklusyong pirmi, balik sa walang nakikitang mga malaking paglihis, pagkukulang at pinsala, at, syempre, balik sa mga dating programa at patakarang haluan ng tama at mali.

Base sa mga alegasyon at ispekulasyong hindi sinusupportahan ng mga datos, ang bagong "pusisyon ng NUFC" ay nagpaparatang na kwestyunable ang pagsapol ng KS sa nakaraang praktika ng Partido. Pero wala namang tinukoy ni matukoy na mahalagang pagsusuri at kongklusyon ng paglalagom ng KS na mali at walang sapat na batayan. Lalong walang maipakita kahit pasilip man lamang sa diumanong mas komprehensibo at mas malalim na pagsusuri sa nakaraang praktika. Ang tumatayong tagapangulo ng NUFC ay nagpalipad lamang ng ilang "baka ganoon" at ilang "baka ganito" at, presto, kwestunable na ang mga datos at mga kongklusyon ng paglalagom na noong Marso ay ipinagdiwang ng kumperensya ng mga kadre ng NUFC at dahil sa galak ay napatula ang makata sa kanila.

Upang maisingit ang munting "subalit" na sa isang kisap-mata ay naging higanteng lumamon sa kabuuan ng dating pagsang-ayon sa paglalagom, umimbento ang tumatayong tagapangulo ng NUFC ng akusasyon na "iwinawasiwas bilang absoluto" ang paglalagom at mga kongklusyon nito. Ito, sa kabila ng ilang ulit nang paglililaw ng KS at KTKS na hindi natatapos sa "Muling Pagtibayin..." at walang intensyong tapusin dito ang diyalektiko materyalistang proseso ng pagpapalalim ng kaalaman at pag-unawa sa mga nakaraang karanasan. Sa katunayan, inaayos na upang ipalaganap ang mga dokumento ng paglalagom ng mga rehiyon upang lalong masapol ng buong Partido ang mga leksyon mula sa nakaraang praktika. Patuloy na sinusubaybayan at tumutulong ang sentro sa mga paglalagom na isinasagawa sa iba't ibang saklaw at antas. At para sa kaalaman ng lahat, ang mga paglalagom na ito ay hindi lamang kumukumpirma sa mga kongklusyon ng paglalagom ng KS. Lumilitaw na ang aktwal na lubha at lawak na inabot ng mga paglihis at pagkakamali, pati

ang mga inabot na pinsala, ay higit pa kaysa sa naging pagsusuri at pagtaya ng ika-10 plenum. Ibig sabihin, pinatutunayan ng mas mayaman pang mga datos na hindi nga dapat "iwasiwas bilang absoluto" ang mga pagsusuri at kongklusyon ng paglalagom ng KS, pero lalong pinatutunayan din nito na lubhang mahigpit talaga ang pangangailangan sa puspusang kilusang pagwawasto.

Tinukoy pa ng tumatayong tagapangulo ng NUFC ang kaso tungkol sa kumpanyang nakatigil sa gubat kapag hindi lumalaban. Ang kasong ito ay binanggit sa burador ng paglalagom at inalis sa pinal na bersyon dahil hindi agad nakumpirma, pero di nagtagal ay natiyak na totoo. Alam ng kasama mula NUFC ang tunay at buong pangyayari. Kung tutuusin, ang pagbabagong ginawa sa burador ay walang epekto sa alinmang pangunahing kongklusyon ng paglalagom. At kung sakali mang may pinatutunayan ang insidente, ito ay walang iba kundi ang pag-iingat na ginawa ng sentral na pamunuan sa pagkumpirma ng mga datos na ginamit sa paglalagom. Pero sa kakatwang pihit sa lohika at punto de bista ng tumatayong tagapangulo ng NUFC, ito ay kanyang ginagamit na dagdag na bala upang patunayang hindi absoluto, at kung gayon, hindi pwedeng ituring na pirmi na, ang mga kongklusyon ng paglalagom.

Inuulit at ipinapakalat din ng tumatayong tagapangulo ng NUFC ang isa sa pinakamalaking kasinungalingan laban sa "Muling Pagtibayin...": na ito ay ipininal at ipinalaganap ng KTKS kahit salungat sa desisyon ng ika-10 plenum. At ito daw ang dahilan kung bakit "nagwala" ang dating tagapangulo ng Komisyon sa Kabisayaan sa pamamagitan ng todong pang-aatake at panggugulo sa Partido. Sa sariling bibig nahuhuli ang isda. Paano mangyayari ito gayong ikalawang linggo ng Oktubre inilabas ng KTKS ang pinal na dokumento ng paglalagom samantalang Setyembre pa lamang, sumulat na ang "SGVC" sa mga komiteng rehiyon sa Kabisayaan para humingi ng suporta sa kanilang pagtindig laban sa desisyon ng ika-10 plenum sa paglalagom at kilusang pagwawasto, umiikot na sa NCR ang dating tagapangulo ng SGVC upang magpalaganap ng mga kasinungalingan laban sa ika-10 plenum, at nilansi na nila ang armadong yunit ng dating GC upang pagwatak-watakin ito?

Sa iba pang dumalo sa ika-10 plenum ng KS, isa lamang ang naghayag ng may kahawig pero hindi gayong kasaklaw na pagkwestyon sa katapatan ng pinal na dokumento ng paglalagom sa desisyon ng plenum. Kinuwestyon niya, bukod sa ilang pormulasyon, ang deklarasyon ng pinal na dokumento tungkol sa

mga malaking paglihis sa linya. Pero madaling naresolba ito nang ipinabasa sa kanya ang resolusyon sa kilusang pagwawasto na kolektibong tinalakay at inaprubahan ng plenum nang walang pagtutol.

Binabaluktot din ng tumatayong tagapangulo ng NUFC ang presentasyon sa usapin ng pormasyong kumpanya upang uk-ukin ang paninindigan ng mga kadre ng NUFC sa paglalagom ng KS. Pinalilitaw na ang pinupuna ng KS ay ang mismong pagbubuo ng pormasyong kumpanya at diumano, dahil hindi makumbinsi dito ang mga kasama sa mga rehiyon, laluna ang mga kadre sa hukbo, ang KTKS ay napupwersang gumawa ng sari-saring pakikipagkompromiso para makapangalap ng suporta sa paglalagom at kilusang pagwawasto, kahit na artipisyal at mababaw.

Una, ang ganitong misrepresentasyon ng usapin ay lumitaw na noon pang 1989 at noon pa manay itinuwid na ng KTKS, pero ayaw bitawan ng mga taong walang maiharap na seryosong argumento. Ang usapin ay hindi ang pagbubuo ng kumpanya perse, kundi ang maramihan at mabilisang pagbubuo ng mga kumpanya na lumikha ng malalaking disbalanse at bulnerabilidad at humantong sa papalubhang kapabayaang mga pinsala sa baseng masa. Ang pagpapatuloy ng ganitong misrepresentasyon ay tanda ng malalang iresponsibilidad, kawalang katapatan sa pag-aaral at debate, at pagtanggong kumilala sa pagkakamali.

Ikalawa, walang pasya ang ika-10 plenum na lusawin ang lahat ng kumpanya at ilang beses na ring inulit ng KTKS ang paglililaw dito. Ang pasya ng plenum ay baligtarin ang kabuuang prayoridad mula dati sa bertikalisasyon at malalaking pormasyon tungo sa mga pwersang horisontal at sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya na mahigpit na nakaugnay sa pagbubuo ng baseng masa. Kaya sinumang nagpapakalat ng kasinungalingan na ang simpleng pananatili ng kumpanya sa isang rehiyon ay kagyat na indikasyon ng pagtutol sa kilusang pagwawasto ay hindi lamang nambabaluktot sa usapin; nanggugulo siya sa pagkakaisa ng Partido.

Ikatlo, pang-iintriga ng tumatayong tagapangulong NUFC o ng sinumang inagkukunan niya ng disimpormasyon na nakipagtawaran at nakipagkompromiso ang KTKS sa mga kasama sa Mindanaw tungkol sa pagpapanatili ng mga kumpanya. Sa ika-10 plenum pa lamang ay tinukoy na ang mga rehiyon at larangang gerilya na maaaring magmantina ng pangunahing pwersa na lakinkumpanya na naghihiwa-hiwalay kapag wala sa pagsasanay o opensibang militar.



At ikaapat, ganap na kathang-isip ng tumatayong tagapangulo ng NUFC o ng sinumang pinagkukunan niya ng disimpormasyon ang naganap diumanong alitan sa pagitan ng KR-Samar at kumand ng batalyon tungkol sa pagbuwag ng mga kumpanya.

Subalit ang pangunahing dahilang idinidiin kung bakit kailangan pa raw ang kongreso bago matahi at maipirmi ang mga kongklusyon ng paglalagom ay upang malunasan ang sinasabing mortal na depekto nito: ang diumanong hindi pagdinig sa mga pusisyon ng "oposisyon." Sa gayon, nang walang inihahapag na bagong datos o seryosong argumento, binubuhay ng mga promotor ng iligal na "konsultasyon" ang isyu sa kakayahan at awtoridad ng KS na maglagom nang hindi kinokonsulta ang mga kasamang nasa bilangguan ng kaaway. Binubuhay nila ang walang batayang akusasyon na sinadyang hindi konsultahin ang mga kasamang nasa bilangguan. Pinalilitaw din nila na kapag wala ang henyo ng mga nasa "oposisyon", may mortal na depekto sa kaalaman at kakayahan ng KS na sapulin at suriin ang mga karanasan sa nakaraan. At dagdag pa, gusto nilang palitawin na sa ginawang pagtalakay ng KS sa mga nakaraang karanasan, at maging kahit pagkaraan ng mahigit isang taon ng pagtutunggalian mula noon, hindi pa naihahayag at hindi pa naisasaalang-alang ang pusisyon ng "oposisyon."

Sa presentasyon ng mga promotor ng bagong "pusisyon ng NUFC", hindi lamang malinaw ang pagbibingi-bingihan sa mga paliwanag ng KS at KTKS, gusto pa yatang iangat ang sinasabing pusisyon ng "oposisyon" sa hanay ng mga pinakamalaking misteryo ng mundo. Hindi matapat ang kanilang presentasyon. Kung ang kawastuan ng paglalagom ang talagang interes nila, bakit ayaw tumbukin ang mga usapin at ipakita nang tuwiran mula sa tambak ng mga papeles at pahayag ng "oposisyon" ang mga datos at pagsusuri na nagpapatunay sa kapanipaniwalang paraan, sa antas ng prinsipyo at sa antas ng praktika, na mali o kaduda-duda ang mga pagsusuri at kongklusyon ng paglalagom ng KS? Bakit pagkaraan ng mahigit isang taon ng pag-aaral at pagtutunggalian, ang postura nila ay katulad pa rin ng pusa na aali-aligid sa plato ng mainit na sabaw? Bakit sige ang pag-iwas sa mga tunay na usapin sa prinsipyo at linya? Bakit hindi sila makalampas sa baitang ng pagbali-baligtad sa usapin ng "wastong proseso at wastong pamamaraan ng paglalagom"?

Dahil nagpipikit ng mata sa tunay na nilalaman at lalim ng tunggalian at labis na nagpapatangay sa sentimyento, madaling napaniwala ng mga promotor ng bagong "pusisyon ng NUFC" ang kanilang sarili na ang panukalang paglalagom ng pagkakaisa ay

tumpak at makatwiran para sa lahat. Dahil nag-uumpisa sa paninindigang liberal burgis at hindi proletaryong rebolusyonaryo, akala nila ay ugaling marangal ang pagsasakripisyo ng mga prinsipyo para sa pagkakaisa at katahimikan. At dahil hindi nakauunawa sa laki ng mga pinsalang likha ng mga paglihis at pagkakamali at sa lubhang higpit ng pangangailangan para sa kilusang pagwawasto, akala nila ay hindi kapahamakan kundi pawang kabutihan ang naghihintay kapag sinunod ang kanilang panukala. Kaya pinag-iisipan pa lamang ang malamang na pagtutol ng KTKS, nagsisikip na ang kanilang dibdib dahil sa sama ng loob sa pinagkakamalan na simpleng kapalaluan o kakitiran ng pag-iisip.

Ang panukalang paglalagom ng pagkakaisa, una sa lahat, ay hindi posibleng gawin. Imposibleng makagawa ng paglalagom nakatanggap-tanggap sa Partido at sa mga elementong anti-Partido laluna ngayong lubos na inilantad na ng huli ang kanilang pagtatakwil sa Marxismo-Leninismo, sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan, sa teorya at linya ng digmang bayan, sa diktadura ng proletaryado at sa Leninistang konsepto ng talibang partido. Upang wastong makapaglagom ng mga karanasan, ang kailangan ay hindi ang pagpapalabo ng linya ng pagkakaiba sa pagitan ng mga nagsasalungatang pananaw at linya, kundi ang eksaktong kabaligtaran, ang matalas na pag-iiba sa tama at maling linya at ang matatag na paninindigan sa tamang linya laban sa mali.

Pero ang panukalang paglalagom ng pagkakaisa ay hindi lamang nagpapalabo sa pagkakaiba ng tama at maling linya at humahamak sa kabuluhan ng mga rebolusyonaryong prinsipyo. Alang-alang sa pagkakaisa, itinataguyod nito ang tuwirang paglahok sa paglalagom ng mga elementong lantad na nagtataguyod ng pagtatakwil sa Marxismo-Leninismo at sa rebolusyonaryong linya ng Partido. Paanong magagawa ang wastong paglalagom ng rebolusyonaryong praktika mula sa punto de bistang rebisyunista, oportunista at anti-Partido o di kaya, kahit mula sa punto de bistang hindi nakakakilala at hindi naninindigan laban sa rebisyunismo, oportunismo at linyang anti-Partido?

Ikalawa, ang panukala ay nagpapatunay na ang bagong "pusisyon ng NUFC" ay hindi nakauunawa sa katotohanan na ang kilusang pagwawasto ay usaping buhay-at-kamatayan para sa Partido at rebolusyon. Hindi nasasapol o hindi naiisip ng mga promotor nito, sa isang banda, ang labis na laki ng mga pinsalang likha ng mga nakaraang paglihis, pagkakamali at pagkukulang, at ang lala ng ibinungang disoryentasyon sa hanay ng Partido, hukbo at kilusang masa; at sa kabilang banda, ang tanglaw, direksyon at

bagong kumpiyansa na idinulot ng paglalagom ng KS at kilusang pagwawasto sa kasapian ng Partido at mga rebolusyonaryong pwersa, laluna doon sa mga nasa gitna ng pagbawi, pagpapanibagong-lakas at pagpapanibagong-sigla habang walang tigil na inaatake ng mga pasistang tropa ng reaksiyon.

Lubhang atrasado na ang ating paglalagom at kilusang pagwawasto. Gayunman, nasagkaan nito ang pagbulusok ng Partido at kilusan sa hindi na mapipigilang panghihina at pagkawasak, natipon muli ang pwersa at ang determinasyon ng mga kadre at kasapi ng Partido, at binigyan sila ng malinaw na rebolusyonaryong pamumuno at direksyon. Sa kasalukuyan, marami pa ang problema, malaki pa ang dapat gawin, at maigting ang pakikibaka para makabawi at muling palakas ang organisasyon ng Partido, ang kilusan at baseng masa, hukbong bayan at iba't ibang linya ng gawain. Pero nauunawaan na ng Partido ang mga pagkakamali at pagkukulang na dapat iwasto at malinaw na rin ang mga dapat asikasuhin para maibalik ang Partido at rebolusyon sa wastong landas ng matatag at lahatang-panig na pagsulong.

Akala siguro ng mga promotor ng bagong "pusisyon ng NUFC" ang kanilang panukala ay mangangahulugan ng simpleng pagbabalik sa pag-aaral, pag-uusap at pagtitimbang muli sa mga kongklusyon ng paglalagom ng KS. Maling-mali sila. Sa harap ng wala pang kapantay na mga pinsalang dulot ng sariling mga pagkakamali at sa kalagayang namamayagpag ang reaksiyon, rebisyunismo at oportunismong lokal at internasyunal, tanging ang hindi matitinag na paninindigan sa mga rebolusyonaryong prinsipyo at ang walang alinlangang pagtukoy at pagwawasto sa mga nakaraang paglihis, pagkakamali at pagkukulang, ang nakabuo at maaaring makabuo sa determinasyon at pagkakaisa ng mga kadre at kasapi ng Partido sa pagpupunyagi sa rebolusyonaryong landas. Sa ganitong sitwasyon, tiyak na pagpapatiwakal, dahil tuluyang wawasak sa pagkakaisa at determinasyon ng proletaryong bag-as ng rebolusyon, ang pagpapatangay o pagdadalawang-isip sa rebisyunismo at oportunismo, gayundin ang lansakang kawalan ng sinseridad sa pagwawasto sa malalaking paglihis at pagkakamali. (Sa laki at lubha ng mga ito, hindi karaniwan, kundi lansakan na ang insinseridad kapag pinagtakpan o itinatwa pa ang mga ito.)

Kapag susundin ang panukalang paglalagom ng pagkakaisa, hindi lamang isasantabi ang kilusang pagwawasto, ibibigay ng Partido ang buong inisyatiba sa mga rebisyunista at oportunista at sa kanilang pagpapalaganap ng linyang anti-Partido at kontrarebolusyonaryo. Kaalinsabay, tatalikuran ng Partido ang

malaking mayorya ng mga kadre at kasapi na matatag at matapat na naninindigan, at bubuwagin natin ang pagkakaisang nabuo nila sa oras ng mahigpit na pagsubok. Pagkaraan nito, anumang pagsisikap na tipunin muli ang malakas-lakas na talibang partido batay sa proletaryong rebolusyonaryong linya ay siguradong maraming ulit na magiging mas mahirap at maaari pang maging imposible sa loob ng ilang panahon.

Ikatlo, ang panukalang paglalagom ng pagkakaisa na nagpapalagay na pinakamahalagang obligasyon ngayon ng Partido ang pagbibigay ng puwang sa mga pananaw na lantad na anti-Marxista-Leninista at anti-Partido ay hindi lamang magpapaatras sa Partido sa sitwasyon na wala pang depinidong husga at pagtingin sa praktika ng nakaraang dekada. Paaatrasin nito ang Partido sa sitwasyong nagdadalawang-isip at nag-aapuhap sa mismong mga saligang prinsipyo, sa mismong linya nito sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Wala itong ibang ibig sabihin kundi ang pagsasantabi sa mga saligang prinsipyo at pagdedeklara ng open season sa pagkwestyon, pag-aalinlangan, pagtatakwil at pagbatikos sa mga ito sa loob mismo ng Partido. Hindi lamang ang kilusang pagwawasto ang ididiskaril ng panukala, ang buong Partido at buong rebolusyonaryong pakikibaka ang didistrungkahin at didisorganisahin nito.

Ang panukalang paglalagom ng pagkakaisa ay hindi lamang salungat sa rebolusyonaryong prinsipyo, ito ay impraktikal at lubhang kapaha-pahamak. Anuman ang sentimiyento at intensyong nasa likod, malaking disgrasya ang idudulot nito sa Partido at rebolusyon.

#### **K. Kongreso ng Pagkakaisa: Pakikipagkaisa sa Rebisyunismo, Oportunismo, Panghahati at Likidasyunismo**

Pagkaraan ng mahigit isang taon ng mainit na tunggalian, ang Partido ay nasa yugto ng pagsasara ng internal na pakikitunggali sa todong kampanya ng pag-atake, pananabotahe at pangwawasak sa Partido. Pagkatapos nito, maaari nang ibuhos ang buong pansin sa lahatang-panig na konsolidasyon at muling pagpapalakas ng Partido, kilusan masa, hukbong bayan at nagkakaisang prente. Ang todong kampanyang anti-Partido ay hindi lamang naging sagabal sa pag-asikaso sa matagal nang kinakailangang kilusang pagwawasto at konsolidasyon, ibayo pang pinalaki nito ang mga pinsala at kahirapang binabata ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa tunggaliang ito, napatunayan ang katapatan at determinasyon ng di hamak na malaking mayorya ng mga kadre at kasapi ng

Partido sa proletaryong rebolusyonaryong linya. Napatunayan din na ang mga pangunahing promotor ng nakaraang malalaking paglihis at pagkakamali na ayaw magpanibagong-hubog at ayaw magwasto ay naging mga ganap na bagong-tipong anti-komunista na nakikipagkorus sa burgesyang internasyunal at lokal sa pag-atake sa Marxismo-Leninismo, proletaryong rebolusyonang sosyalista, diktadura ng proletaryado at konsepto ng talibang partido; nagtatakwil sa linya ng demokratikong rebolusyonang bayan at matagalang digmang bayan; nagpapalaganap ng kapitulasyunismo, parlamentarismo at repormismo; at walang patumanggang nananabotahe sa Partido at rebolusyonaryong kilusan.

Ang pakikitunggali para ipagtanggol ang mga proletaryong rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido ay obligasyon ng bawat matapat na kadre at kasapi ng Partido. Dapat matatag at puspusang isulong ang pakikitunggaling ito kung hangad nating pangalagaan ang bag-as ng rebolusyonaryong pwersa na dumanas na ng walang katulad na mga pinsala dahil sa mga nakaraang paglihis at pagkakamali at ngayo'y nakikibaka para magwasto at maibalik ang rebolusyon sa wastong landas ng matatag at lahatang-panig na pagsulong. Kung wala ang bag-as na ito, kung hindi mahigpit ang pagsapol ng bag-as na ito sa wastong rebolusyonaryong linya, at kung hindi buo ang determinasyon ng bag-as na ito sa pagpupunyagi sa rebolusyonaryong pakikibaka, hindi maaaring makapagpanibagong-lakas at muling sumulong ang rebolusyon.

Sa kasalukuyang hanayan sa pagitan ng rebolusyon at kontrarebolusyon, naririyon sa isang panig ang Partido at rebolusyonaryong kilusan na nagwawasto ng malalaking paglihis at pagkakamali; nagpupunyagi sa rebolusyonaryong landas at ibinubuhos ang lahat sa pagpapanibagong-sigla at pagpapanibagong-lakas sa pamamagitan ng mas malalim pang paglubog at pag-ugat sa malawak na masa. Nasa kabila naman ang rehimeng US-Ramos na naghahangad na tuluyang wasakin ang rebolusyonaryong kilusan, laluna ang Partido at armadong lakas nito, sa pamamagitan ng walang humpay na mga opensibang militar na naghahangad ng mga mapagpasyang sagupaan sa sitwasyong lantay militar, kaakibat ng todong opensibang psywar upang hatiin, lituhin at hilahin ang mga rebolusyonaryong pwersa sa kapitulasyunismo, parlamentarismo at repormismo. Nangangarap ang reaksyunaryong kaaway na kung hindi man madurog ang rebolusyonaryong kilusan sa isang bigwas, tuluy-tuloy itong guguhu at sasambulat bunga ng hindi makontrol na demoralisasyon, disoryentasyon at pangkakahati-hati. Sa ganitong hanayan at

labanan, walang duda na nagsisilbi sa kontrarebolusyonaryong disenyo at interes ng reaksyunaryong rehimeng US-Ramos ang mga elemento na sadyang sumisira sa pananalig ng mga rebolusyonaryong pwersa sa Partido at sa rebolusyonaryong linya, nanabotahe sa rebolusyonaryong pagsisikap na magwasto at makaalpas sa mga pinsalang dulot ng nakaraang paglihis at pagkakamali, at nagpapalaganap ng rebisyunismo, kapitulasyunismo, parlamentarismo at likidasyunismo.

Subalit mayroong mga elementong tulad ng mga promotor ng bagong "pusisyon ng NUFC" na nagdedeklara ng pagsang-ayon sa mga saligang prinsipyo ng Partido at sa kilusang pagwawasto pero, hindi handang ipagtanggol ang mga ito laban sa mga pambabaluktot at pag-atake ng "oposisyon" at lalong hindi kayang itakwil ang "oposisyon" dahil dito. At gaya ng pinatunayan nila sa iligal na "konsultasyon", mas gugustuhin pa nilang isakripisyo ang mga prinsipyo at mangwarat sa Partido kaysa makipagkasira sa mga nilalang na para sa kanila ay labis pa sa pinagpala at tinatawag na "oposisyon". Udyok ng mga dahilang personal at sentimental at lulong sa liberal na pangarap ng katahimikan at pagkakaisa anuman ang kapalit, nakumbinsi at nangungumbinsi sila na ang mga elementong anti-Partido na bumubuo daw ng "makabuluhang tipak" ng organisasyon ay hindi uubrang mawala at alisin sa Partido. Ang iligal na "konsultasyon" at ang mga diskusyon doon ay pruweba na makamit lamang ang pakikipagkaisa sa "oposisyon", maligaya nilang isasakripisyo ang mga prinsipyo at mga tuntunin ng Partido, ang kilusang pagwawasto, at huwag nang sabihin pa ang sentral na pamunuan ng Partido. Ang anti-Partidong basura na ikinakalat ng mga manghahati at likidasyunista na bagong-tipong anti-komunista, na tinanggihan at isinusumpa na ng malaking mayorya ng mga kadre at kasapi ng Partido, ay tinatangka nilang i-recycle sa bagong impake na may tatak ng pagkakaisa at dinadagdagan pa ng sarili nilang dumi.

Ayon sa bagong "pusisyon ng NUFC," ang Partido ay saklot ng malubhang krisis ng pagkakaisa na umabot na raw sa tuluyang paksyunalisasyon ng Partido bunga ng mga kasalanan ng sentral na pamunuang pinaparatangan nila ng paksyunalismo. Ang sentral na pamunuan ng Partido daw ay isang paksyon ng mga nasisiraan ng bait na walang pakundangang nagmamaniobra at nantutugis sa iba para pangalagaan ang kanilang kapangyarihan. "Erratic, neurotic at schizophrenic", pagsusuma ng isang kasama pagkaraang madinig ang mga "bagong datos" ng tumatayong tagapangulo ng NUFC. Ayon sa tumatayong tagapangulo ng NUFC, "may kamangmangan" at sa isa pang okasyon, "praning" (paranoid). Sa kabilang banda, ang

"oposisyon" ay mga inosenteng biktima ng mga pang-aabuso at panunupil ng sentral na pamunuan, na "naitulak" na "magwala" at "napwersang" magdeklara ng "awtonomiya" (na buong diing itinatangi ng tumatayong tagapangulo ng NUFC na panghahati at paghiwalay). Pero pagkatapos maghapag ng gayong labis na baluktot at huwad na larawan ng Partido, iniaalok ng mga promotor ng iligal na "konsultasyon" ang kanilang dagliang lunas: ang pag-angat sa ganitong kalunus-lunos na sitwasyon, ang pagdaraos ng kongreso ng pagkakaisa na dadaluhan ng lahat (pati ng mga taksil para doon daw sila durugin!?) at pamumunuan ng kasalukuyang sentral na pamunuang paksyunalista at de facto (hindi lehitimo, pero wala daw pagpipilian). Pagkatapos daw ng kongresong ito ng pagkakaisa, parang himala na matatransporma ang lahat -- ang sentro mula sa ilehitimo tungong lehitimo; ang mga kasalukuyang anti-Partido tungong matapat na mga partidista; ang mga kikilos sa labas ng istruktura ng Partido, mula sa mga inosenteng biktima tungong mga tunay na taksil; at ang Partido, mula hati-hati tungong solidong moog ng pagkakaisa. Ito ang panukala ng bagong "pusisyon ng NUFC" para sa pagkakaisa, ang diumano'y "tanging marangal na pusisyon" sa kasalukuyang sitwasyon.

Lubhang salungat sa realidad at lohika, ang bagong "pusisyon ng NUFC" ay walang ipinagkaiba sa panghihimok ng naglalako ng medisina sa bangketa: walang totohanang pagsusuri sa sakit, puno ng mga kuwentong kagilagilalas, nagsasabog ng takot at kaba, pero may iniaalok na dagliang lunas. Lahat ng yunit at kasapi ng Partido na nakaaalam sa tunay na sitwasyon at mga pangyayari sa loob ng Partido, laluna kaugnay ng kilusang pagwawasto, ay tiyak na madaling makakakita sa mga pambabaluktot at kalituhang tumatagos sa bawat bahagi at kabuuan ng diumanong bagong "pusisyon ng NUFC". Pero dahil tinatangkang ilusot ito bilang pusisyon ng isang organo ng Partido at mukhang mayroong mga yunit ng Partido na nakabase sa NCR na kung hindi man natatangay ay naguguluhan dahil dito, obligadong gumawa ng paglililaw dito.

## **1. Ang tunay na katangian ng tinatawag na "oposisyon"**

May kinikilingan, pahapyaw at liberal-burgis ang pagharap ng bagong "pusisyon ng NUFC" sa nagaganap na tunggalian at sa tinatawag na "oposisyon". Pinalilitaw nito na ang puno at dulo ng tunggalian ay ang hindi pagkakasundo sa mga usapin sa "proseso" at ang tunggalian ay malulutas sa pamamagitan din ng "tamang proseso". Ayon sa presentasyon ng bagong "pusisyon ng NUFC", ganito ang nangyari: nagsagawa ang sentral na pamunuan

ng paglalagom at plenum na hindi nagustuhan at tinutulan ng "oposisyon"; nagpalitan ng mga surat at position papers ang sentro at "oposisyon"; pero ang sentro, sa halip na talunin sa debate ang huli, ay gumamit ng mga hakbang na pang-organisasyon; tuloy, lumala ang tunggalian; mayroong "nagwala" (pangkating Pol o dating SGVC) at mayroong napwersang magdeklara ng "awtonomiya" (pangkating Popoy).

Sa gayong presentasyon, ano ang kinakaligtaan at pinagtatakpan ng mga promotor ng bagong "pusisyon ng NUFC"?

Kinakaligtaan at pinagtatakpan nila ang malalaking paglihis at pagkakamali na humantong sa walang katulad na mga pinsala; ang malaking pananagutan sa mga ito ng mga indibidwal at grupong humanay sa "oposisyon" at ang pagtanggihan nilang magpuna sa sarili o magwasto sa mga naturang malaking paglihis at pagkakamali. Sa patuloy na paglalagom sa iba't ibang saklaw at antas, nadidiskubrihan ang mas malubha pang mga manipestasyon o antas ng mga paglihis at pagkakamali, gayundin ang mga bulok na aktibidad at milyun-milyong salapi (29 milyong piso sa isang kaso) na nawala, naubos o itinatago ng ilan nang walang pag-uulat at walang karampatang pagtutuos. Nadidiskubrihan din ang mas malubhang pang mga paglabag sa demokratikong sentralismo ng Partido bago ang tahasang kampanyang paksyunalista at anti-Partido: ang paggawa ng mga desisyong lampas sa awtoridad, ang paglilingid sa mga nakabababang organo ng mahahalagang pagsusuri at desisyon ng mga sentral na namumunong organo, at ang paglilingid sa sentral na pamunuan ng malalaking desisyon at planong ipinatutupad sa ibaba. Sa kabuuan, ang mga pinakaagresibo sa "oposisyon" at pinakadesidido sa pagharang sa kilusang pagwawasto ay iyong mga may pinagtatakpang pananagutan sa mga pinakamalaking paglihis, pagkakamali at pinsala sa nakaraan.

Kinakaligtaan at pinagtatakpan ng mga promotor ng bagong "pusisyon ng NUFC" na noong huling kwarto ng 1992 nabuo ang hanay na tinatawag na "oposisyon" hindi lamang para maghapag ng mga pagtutol at paghahabol sa mga desisyon ng ika-10 plenum ng KS. Nangarap at naghahabol sila ng "bugso sa loob ng Partido", isang kampanya ng paninira at pag-atake sa sentral na pamunuan at sa kilusang pagwawasto, at isang kampanya ng pambubuyo sa mga kasapi at yunit ng Partido na magtakwil, mag-alsa, at sumama sa pandudumog sa sentral na pamunuan. Sinamantala ng mga konspirador ang mga kahirapan sa komunikasyon at pagbabase ng sentral na pamunuan, para makapangampanya sa labas ng istruktura at mga proseso ng Partido at lingid sa kaalaman ng



sentral na pamunuan. Akala ng mga konspirador, mula Setyembre hanggang Nobyembre ay kaya nilang pasambulatin ang bugsong anti-Partido.

Ang unang papel ng "oposisyon" na aming natanggap ay nakarating nang ikatlong linggo ng Nobyembre, padala ng isang rehiyong malayo sa NCR. Ikalawang linggo ng Disyembre, natanggap ang iba pang papel ng "pagwawala" mula sa "SGVC", "GC" at "KRMR", pati ang kopya ng "petisyon" na walang petsa, walang tao o grupong pinadadalhan at walang pirma, kagandahang-loob uli ng isang rehiyong malayo sa NCR. Hindi man lamang tuwirang isinulat ni iniharap sa sentral na pamunuan ang anumang puna, reklamo at pagtutol ng "oposisyon". Hanggang ngayon, walang nakararating na petisyon laban sa ika-10 plenum at kilusang pagwawasto. Ayon sa tumatayong tagapangulo ng NUFC, hindi raw ipinadala ang buong listahan ng mga pumirma dahil baka daw gipitin. Ang totoo'y wala ni isang pirmang nakakarating sa amin. Sa mga kumpirmadong napapirma doon, mayroong mga bumawi ng pirma pagkaraang maliwanagan tungkol sa mga disimpormasyon at pambabaluktot laban sa ika-10 plenum; kabilang dito ang lahat ng napapirma sa NUFC liban sa dalawa. Mayroong ipinirma sa petisyon nang walang kamuwang-muwang. Mayroon ding mga pumirma dahil sang-ayon sa pagpapatawag ng bagong plenum o ikalawang kongreso pero hindi raw sang-ayon sa paratang na bogus ang ika-10 plenum at mali ang kilusang pagwawasto.

Ang mga tugon at paglililaw ng KTKS sa mga anti-Partidong papel at kampanya ng "oposisyon" ay nagawa at lumabas mula lamang ng magtatapos ang Nobyembre. May tatlong buwang nakapanalasa ang mga paksyunalista at anti-Partido nang walang kamalay-malay at walang nagawang pagtatanggol sa sarili ang KTKS. Ibig sabihin, ang bumigo sa unang bugso ng kampanya nila ay ang katapatan sa Partido ng malaking mayorya ng mga kadre at kasapi ng Partido na sa kanya-kanyang pag-aaral at pagsisikap ay tumanggi at nagtakwil sa mga paninira at pambubuyo ng "oposisyon". Kung wala ang gayong katapatan ng mga kasapi at yunit ng Partido at nasunod ang kagustuhan ng "oposisyon", tiyak na watak-watak na ang organisasyon ng Partido.

Lalo pang kumitid ang natatangay ng "oposisyon" pagkaraang mapatunayang hungkag ang kanilang paghahambog na kuha nila ang mayorya ng kasapiang ng Partido at lumabas ang mga paglililaw ng KTKS. At maging sa hanay ng "oposisyon" mismo lumitaw ang pag-iiba-iba sa pagitan ng mga desidido at sarado nang anti-Partido at ng ilang bukas na nag-aaral sa mga usapin at pangyayari at sinsero sa paghahangad na makipaglinawan sa Partido.

Ang pinakamalaking kinakaligtaan at pinagtatakpan ng mga promotor ng bagong "pusisyon ng NUFC" ay ito, na mula unang kwarto ng 1993 laluna mula Marso 1993, ang mga pinakamaingay at pinakaagresibo sa "oposisyon" (na mula't sapul ay silang bumubuo ng kalakhan ng "oposisyon" at nagtatakda ng kabuuang aktibidad nito) ay tahasang tumatalikod na sa Marxismo-Leninismo, sa linya ng demokratikong rebolusyong bayan, sa linya ng matagalang digmang bayan at sa Leninistang konsepto ng talibang partido. Noong huling kwarto ng 1992 kahit ang mga pinakamagaspang sa "oposisyon" ay nagpoposturang nakikitunggali sa mga pagsusuri at kongklusyon ng paglalagom ng KS mula sa punto de bista ng Marxismo-Leninismo, linya ng demokratikong rebolusyong bayan at linya ng matagalang digmang bayan. Pero mula unang kwarto ng 1993, ayon mismo sa mga tuwirang sangkot sa "oposisyon," hindi na lamang ang katumpakan ng paglalagom ang usapin para sa mga matigas na anti-Partido kundi ang katumpakan na mismo ng mga saligang prinsipyo ng Partido. Naging tahasan ang paglalako nila ng modernong rebisyunismo, insureksyunismo, populismo, kapitulasyunismo, panghahati at likidasyunismo.

Mula sa "oposisyon" sa kilusang pagwawasto at ika-10 plenum, sila ay naging todo-todong "oposisyon" na sa proletaryong rebolusyonaryong linya at mga prinsipyo ng Partido. Sa likod ng linyang anti-Stalinista, tahasang itinatakwil at tinutuligsa nila ang Marxismo-Leninismo, diktadura ng proletaryado, Leninistang konsepto ng talibang partido at sosyalistang rebolusyon mula sa paninindigan at punto de bistan Gorbachovista, Bukharinista at Sosyal-Demokrata at sa pamamagitan ng mga krudong pamamaraang anti-komunista. Kaalinsabay, tuwiran nang hinahamak nila ang matagalang digmang bayan, iginigiit ang linyang insureksyunista na lumalaro o di kaya'y tahasang nagtataguyod sa populismo at parlamentarismo, at itinataguyod ang linyang palasuko sa negosasyong pangkapayapaan.

At kung noong huling kwarto ng 1992 ay may ilusyon ang "oposisyon" na kaya nilang pataubin ang sentral na pamunuan at kilusang pagwawasto sa pamamagitan ng "bugso sa loob ng Partido" at nagpapanggap pa sila na hindi lumalabas sa Partido, mula Marso 1993 ay bumaling na sila sa tahasang paghiwalay at panghahati, at pagpapalaganap ng likidasyunismo. Si Paco (Ricardo Reyes) at mga Gorbachovista ay maagang nagdeklara ng pangarap na makapagtayo ng pluralista, parlamentarista at populistang New Left Formation na ipapalit sa Partido na

itinuturing nilang kinatawan ng "old decadent structures." Ang pangkating Popoy ay nagtutulak ng partidong "sasaklaw sa lahat ng tunguhin sa hanay ng uring manggagawa", may kalayaan ng iba't ibang tendensya at may kalayaan ng mga paksyon at bloke. Noong Hulyo 14 pormal silang nagdeklara ng "awtonomiya" sa mga prinsipyo, linya at disiplina ng Partido (panghahati at paghiwalay, sa salita ng mga ordinaryong mortal) at pagkatapos, buong kapalaluang idineklara ni Popoy, "Ngayon, pwede nang mag-umpisa ang tunay na rebolusyon!" Samantala ang pangkating Tabara ay laging nakaabang para sumunggab at magpakalat ng anumang bagong kathang anti-Partido ng mga Gorbachovista at ng pangkating Popoy at, sa unang pagkakataon sa maraming taon, ay bumababad nang matagal sa Kabisayaan upang patunayan ang kanilang sinseridad sa pananabotahe at panggugulo sa Partido.

Sa maikling salita, ang tunay na katangian at aktibidad ng "oposisyon", ang tuluy-tuloy, desidido at sinasadyang pag-atake, pananabotahe at pangwawasak nila sa Partido, ang kinakaligtaan at pinagtataktan ng bagong "pusisyon ng NUFC".

Totoo na may ilang dating humanay o nasangkot sa "oposisyon" na hindi tuwirang sumasama sa anti-Partidong korus at hindi umaatake sa rebolusyonaryong linya ng Partido. Hindi sila kabilang sa mga elementong anti-Partido pero hindi rin sila kailanman ang pangunahing nagtakda ng aktibidad ng "oposisyon". May binabanggit ang tumatayong tagapangulo ng NUFC tungkol sa "mga inosente" na pwedeng masagasaan ng tunggalian. Kung totoo mang may mga ganito, dapat malinaw na ipakita nila ang kanilang pagkakaiba sa mga taksil at desididong anti-Partido. Sa anu't anuman, matamang sinusubaybayan ng Partido ang galaw ng mga elementong anti-Partido at inaalam sa tuwina ang magkakaibang antas ng pananagutan ng mga indibidwal. Pero malaking suhetibistang pagkakamali kung hindi man sadyang pambabaluktot ng mga promotor ng "pusisyon ng NUFC" kung dahil may paisa-isang nag-uurong-sulong sa "oposisyon" ay pagtataktan ang nangingibabaw na anti-Partidong aktibidad at katangian ng mga pangkating ito -- laluna pagkaraan ng mahigit isang taon ng maigting na tunggalian.

Pinatutunayan ng mahigit isang taon ng maigting na tunggalian na ang todong kampanyang paksyunalista at anti-Partido na humantong sa tahasang panghahati at paglalako ng linyang likidasyunista ay hindi isang simpleng di-pagkakaunawaan o kalat-kalat na pagkakaiba ng pananaw sa paisa-isang usaping taktikal, at lalong hindi "pagbubulalas lamang ng matinding sama ng loob" sa mga kalabisan sa loob ng Partido. Ang huli ay kathang-isip

lamang ng mga elementong anti-Partido upang ipanlinlang sa mga kadre at kasapi ng Partido, gayundin sa kanilang sarili. Ang tunggalian ay isang matagal na pakikibaka sa desidido at sistematikong linyang salungat sa mga saligang prinsipyo ng Partido, na lalong umigting simula ng tukuyin at punahin ng Partido ang malalaking paglihis at pagkakamali, at naging hibang na pang-aatake at pangwawasak sa Partido mula ng pagpasyahan ng Komite Sentral ang isang puspusing kilusang pagwawasto. Mula unang kwarto ng 1993, ang katunggali ng Partido ay lantad at komprehensibong nagtatakwil na sa Marxismo-Leninismo at sa rebolusyonaryong linya ng Partido.

Kung gayon, wasto lamang na tukuying kontrarebolusyonaryo ang linya, aktibidad at mga ideyang ipinalalaganap ng mga elementong anti-Partido. Ang mga naturang linya, aktibidad at ideya ay salungat at antagonistiko sa interes ng rebolusyon at hindig-hindi maaaring pahintulutan sa loob ng Partido.

Ang matagal at malaking mga paglihis at pagkukulang ay kundisyong nag-enggayo sa paglitaw at paglakas sa loob ng Partido ng sari-saring mga impluwensya at tendensyang petiburgis. Mula 1990, litaw na litaw laluna sa mga organo at sirkulong nakabase sa NCR na may mga elementong kumbinsido na sa pagtatakwil sa mga rebolusyonaryong prinsipyo ng Partido at hindi na magkasya sa pakikipaghilahan sa mga taktikal na usapin at pakikibaka at pagkakalat ng kanilang mga ideya sa mga impormal na daluyan. Kamakailan, inamin ni Paco na 1988 pa lamang, mayroon na silang sikretong reform bloc sa loob ng Partido. Pagdating ng 1990, bukod sa sinasadyang pagtataguyod ng mga konseptong anti-Marxista-Leninista, mayroon na ring mulat na nagmamaniobra upang magpaypay ng disgusto sa sentral na pamunuan, magbuo ng bloke ng hiwalay at lantad humigit-kumulang, humarang sa pagpapalaganap at pagpapatupad ng mga desisyon ng lehitimong sentral na pamunuan, at pailalim na ipatupad ang sariling mga "patakaran" at "desisyon" sa mga pangunahing isyu at pakikibakang pambansa.

Ang sitwasyon noon pa man ay nangangailangan na ng mga mapagpasyang hakbang para pangalagaan ang integridad ng Partido, pero ang Partido mismo ay nag-uumpisa pa lamang na magising sa kasamaan ng programang haluan ng tama at mali. Pagkatapos ng ika-10 plenum ng KS at lumitaw na ang todong kampanyang paksyunalista at anti-Partido, mas higit pang kinakailangan ang mga mapagpasyang hakbang para tanggalin ang mga elementong paksyunalista at anti-Partido. Pero naging malaking balakid at kunsiderasyon ang malaganap at malala pang

mga disoryentasyon, kaluwagan at kalituhan. Napigilan ang Partido na gamitin nang husto ang mga karapatan at mga lehitimong kasangkapan sa pagtatanggol sa sarili laban sa walang pakundangang pag-atake at pananabotahe, bagamat malinaw na tinukoy at kinondena ang anti-Partido at kontrarebolusyonaryong katangian ng kampanya. Isinaalang-alang kaugnay nito ang antas ng pag-unawa ng mga kadre at kasapi sa mga usapin at ang pag-abot at pagpapaliwanag sa mga natangay ng disimpormasyon.

Pero ngayon ay mahigit nang isang taon mula ika-10 plenum ng KS at mula ng pumutok ang todong tunggalian sa loob at labas ng Partido. Sapat-sapat na ang panahon para sa paliwanagan at kumbinsihan; higit pa sa sapat ang ibinigay na pagkakataon sa lahat ng mga nasangkot sa "oposisyon" para timbangin ang lahat ng usapin at magpasya nang malinaw. Napakalaki na ng panahong dapat sana'y nagugol sa kilusang pagwawasto pero naiukol sa paghahabol na masagip ang pinakamaraming maaari. Sabi pa ng isang kasamang namatay na, "Gusto na naming umabante." Hindi pwedeng walang taning na pigilin ang pag-abante ng kilusang pagwawasto at ang matatag na pagpupunyagi sa rebolusyonaryong linya. Kung mayroon mang maiiwan o mahihiwalay sa ngayon pero tunay na sinsero at determinado pa sa pagrerebolusyon (na ang pruweba ay paninindigan sa mga rebolusyonaryong prinsipyo at kahandaang magwasto sa mga paglihis at pagkakamali), hindi sila lubos na pagsasarhan ng pinto. Pero umasa ang mga aktibo at determinadong nagtataguyod sa anti-Partidong linya, kaisipan at aktibidad na matatag, ubos-kaya at walang humpay silang lalabanan at pakikitunggalian ng Partido.

Kapag kontrarebolusyonaryo ang isang linya o aktibidad, antagonistiko ang relasyon nito sa rebolusyonaryong linya at pakikibaka. Pinagdidiskitahan ng mga elementong anti-Partido, gayundin ng mga nagpakana ng iligal na "konsultasyon", ang paggamit sa terminong ito at dahil dito'y inaakusahan ng panatisismo at kakitiran ng pag-iisip ang sentral na pamunuan ng Partido. Ginagamit din nila ito upang mang-engganyo ng sentimentalismo at emosyunalismo at mag-astang inaapi. At dahil sa mababang antas sa teorya at malaganap na mga kalabuan at kaluwagan sa prinsipyo, marami-rami ang napapakagat sa mga pagpapanggap at panlilito ng mga elementong anti-Partido.

Pero ang pagtalikod ng mga elementong anti-Partido sa mga rebolusyonaryong prinsipyo ay lubhang garapal, tuluy-tuloy at lalong sumasahol habang lumalaon. Ang kanilang paglapastangan sa integridad, kapakanan at kaligtasan ng Partido at

rebolusyonaryong kilusan ay walang pakundangan, tuluy-tuloy at lalo ding sumasahol habang lumalaon. Ang pagsagka nila sa pagwawasto ng malalaking paglihis at pagkakamali sa nakaraan ay naglalantad sa kanilang lansakang insinseridad at matigas na pagtanggì sa pagpapanibagong-hubog. Ang todong pang-aatake, pananabotahe, panghahati at pangwawasak nila sa Partido ay walang pasubaling prweba na ang Partido ay tinatalikuran na nila at itinuturing na mahigpit na kalaban na pagbubuntunan ng poot at paninira. Sila mismo, sa kanilang sinasabi at ginagawa, ang sumisira sa anumang dating naiambag nila sa rebolusyon. Walang sinuman, gaanuman kalaki ang sakripisyo o kontribusyon sa rebolusyon, ang may karapatan o pribilehiyo na tumanggì sa pagpapanibagong-hubog at sa pagwawasto ng mga pagkakamali. Walang sinuman, gaanuman kalaki ang sakripisyo o kontribusyon sa rebolusyon, ang may karapatan o pribilehiyo na mang-atake, manira at mangwasak sa Partido at rebolusyon.

Ang mga nagsasabi na iwinawasiwas ng Partido ang terminong kontrarebolusyonaryo sa anumang klase ng pagtutol o pagsalungat sa desisyon ng sentral na pamunuan ng Partido ay labis na nambabaluktot sa mga usapin, nagtatakip sa mga elementong anti-Partido, o di kaya, labis na nalilito.

Mayroon ding mga nanlilito at nananakot na kapag binansagang kontrarebolusyonaryo ang isang grupo o indibidwal, preparasyon daw iyon sa paggamit ng dahas o pisikal na eliminasyon. Mula pa huling kwarto ng 1992 ay nagpakalat na ang mga elementong anti-Partido ng mga iresponsableng satsat tungkol sa paggamit ng dahas. Mayroong katulad ni Tales na tila walang ibang inaasam kundi ang pagputok ng karahasan sa pagitan ng Partido at mga elementong anti-Partido.

Pangkalahatang patakaran natin ang paglaban sa mga kontrarebolusyonaryo at pagsupil sa kanila sa loob ng Partido at mga base at sonang gerilya. Gayunman, hindi kailanman pangkalahatang patakaran ang pisikal na eliminasyon sa kanila. Iba-iba ang pamamaraan ng pakikitunggali at pagsugpo sa mga kontrarebolusyonaryo. Isa lamang sa mga ito ang pagbitay na nakalaan sa mga pinakamasahol na elementong may malulubhang pagkakasala sa rebolusyon at mamamayan. Sa kabuuan, sa pakikitunggali sa mga kontrarebolusyonaryong taksil, aasa ang Partido sa paglalantad, pagtuligsa, paghihiwalay, pagtitiwalag at pagkakait ng karapatang sumapi at makialam sa mga rebolusyonaryong organisasyon. Ang mayroon o magkakaroon ng kriminal na pananagutan laban sa rebolusyon at sambayanan ay sasampahan ng kaso at lilitisin sa hukumang bayan.

Mali at salungat sa prinsipyo ang pakikipagkasundo sa mga elementong desidido at tuluy-tuloy na nagpapalaganap ng mga aktibidad, ideya at linyang anti-Partido at kontrarebolusyonaryo. Ang ganyang mga aktibidad, ideya at linya ay pagtataksil sa rebolusyonaryong prinsipyo at adhikain at lubos na salungat sa pananatili sa loob ng Partido. Hindi dapat pahintulutan at sa halip ay dapat puspusing bakahin ang mga ito sa loob ng Partido. Ang pagpapanukala o pagpapahintulot na manatili sa loob ng Partido ang mga elementong ganyan ang mga aktibidad at ganyan ang ipinalalaganap na mga ideya at linya ay katumbas ng pagsang-ayon at paglahok sa likidasyon ng talibang partido ng rebolusyonaryong proletaryado.

Lalo pang hindi katanggap-tanggap ang panukalang kongreso ng pagkakaisa. Kung hindi dapat pahintulutan sa loob ng Partido ang mga aktibidad, linya at elementong anti-Partido, lalong hindi dapat bigyan ang mga ito ng pagkakataong lumahok sa pagpapasya sa mga prinsipyo, linya at mga tuntunin ng Partido. Panggagantso ang pagkaladkad sa pangalan ni Lenin sa panukalang kongreso ng pagkakaisa. Dapat alalahanin na noong umabot ang oportunismo ng mga Menshevik sa pagtataguyod ng likidasyunistang panukala na pagbubuo ng malawak na partidong manggagawa, kapalit ng iligal na Marxistang partido, hindi ang pakikipagkompromiso o pakikipagkaisa sa kanila ang inisip ng mga Bolshevik, kundi tuluyan silang itinakwil bilang mga taksil sa proletaryong rebolusyon. Hindi ang halimbawa ni Lenin ang sinusunod ng mga nagpapanukala ng kongreso ng pagkakaisa, kundi ang halimbawa ng mga Menshevik at ng sentristang pangkat ni Trotsky pagkatapos ng nabigong unang rebolusyon sa Rusya.

Hangga't walang patumanggang naninira, umaatake at nanabotahe sa Partido, hindi umiiral ang kundisyon para sa pakikipagkaisa o pakikipagkaibigan sa mga elementong anti-Partido sa anumang antas at saklaw. Dapat puspusan silang ilantad at ihiwalay at hindi pabayaang makapanlinlang, makapanlansi at makapanggulo sa mga organisasyon at saklaw natin sa lahat ng antas.

## **2. Mga Intriga at Paninira sa Sentral na Pamunuan**

Isang sukatan ng pagkataranta, gayundin ng tindi hindi lamang ng pinsala sa organisasyon at baseng masa kundi maging sa katwiran ng ilang elemento sa loob ng Partido, na mayroong mga nag-aastang deboto ng katapatan at pagkamarangal pero walang pagdadalawang-isip na inilulubog ang kanilang sarili sa pinakamababang uri ng pambabaluktot at paninira. Ang mga

intriga ng mga elementong anti-Partido, na inilalako din ng mga promotor ng bagong "pusisyon ng NUFC", ay karamiwang mga kuskos-balungos na pantabon sa mga tunay na usapin at, maliban pa, madaling makita na malisyoso at baluktot; hindi karapat-dapat ang pormal na tugon sa mga ito. Gayunman, tuwirang makikipaglinawan kami sa mga kasamang nagpapakalat o naguguluhan dahil sa mga ito.

Sa bahaging ito gusto naming linawin ang mga sumusunod na intrigang inilabas sa iligal na "konsultasyon":

a. Umatras ang KTKS sa pagtatanggol sa quorum ng ika-10 plenum ng

KS at nagtatago ito sa usapin ng "kolektibong kapasyahan" para

igiit ang legalidad at mga desisyon ng plenum. Ito diumano ang ulat

ng isang dating detenidong pulitikal na nakipag-usap sa KTKS.

Hindi nababago at hindi natitinag ang paninindigan ng KTKS sa legalidad ng ika-10 plenum ng KS. Pinaabutan ang lahat ng kagawad ng KS tungkol sa plenum, ginawa ang abot ng makakaya na matipon ang lahat ng kagawad sa loob ng bansa, hindi sinasadya na mayroong mga hindi nakadalo sa pulong, at kahit may hindi nakadalo ay natipon ang sapat na bilang para ituloy ang plenum. Ang ligalidad ng plenum at ang pangangailangan at kawastuhan ng mga desisyon nito ay buong higpit na itinataguyod ng halos lahat ng kagawad ng KS na nasa mabuting katayuan noong panahon ng plenum.

Ang usapin ng "kolektibong kapasyahan" ay nilinaw ng KTKS upang ipaliwanag ang diwa at titik ng tuntunin sa quorum. Ang diwa ng tuntunin sa quorum ay ang pagtiyak na ang mga desisyon ng pulong ay palaging matapat na sumasalamin sa tunay na "kolektibong kapasyahan" ng namumunong komite ng Partido, sa halip na kagustuhan ng minorya na nagpapanggap na kapasyahan ng kabuuan. Hindi kailanman ginamit ito ng KTKS upang iwasan ang usapin sa mga titik at teknikalidad ng tuntunin sa quorum.

Sa umiiral na tuntunin ng KS sa quorum, walang itinatakdang eksaktong bilang o porsyento na obligadong kamtin sa lahat ng pagkakataon. Hangga't maaari dapat tipunin ang lahat ng kagawad ng KS at kung hindi makakaya dahil sa mga kundisyong wala sa kontrol, kailangang tiyaking matipon ang sapat na bilang



(palaging mayorya syempre) para matapat na mabuo ang kolektibong pasya ng komite. Ang ganitong tuntunin ay akma sa sitwasyon ng digma na kinapapalooban ng Partido at mahusay na nakapagsilbi sa Partido.

Sa pakikipag-usap ng KTKS sa dating detenidong pulitikal na binabanggit sa itaas at ginagamit ngayon ng mga promotor ng bagong "pusisyon ng NUFC" bilang awtoridad sa kanilang tindig na iligal ang kasalukuyang sentral na pamunuan, hindi totoong binitiwang ng KTKS ang paninindigan sa ligalidad ng ika-10 plenum, batay sa titik at diwa ng tuntunin sa quorum. Gayunman, kinilala ang karapatan ng sinumang kasapi ng Partido na magpanukala ng mga susog sa umiiral na mga tuntunin batay sa mga leksyong mapupulot mula sa kasalukuyang panggugulo ng mga elementong paksyunalista at anti-Partido.

b. Ang kasalukuyang sentral na pamunuan ay hindi lehitimo, kundi de

facto lamang.

Ito ang bagong palusot ng mga promotor ng iligal na "konsultasyon" na naninindigan daw sa mga saligang prinsipyo ng Partido pero ayaw pumailalim sa mga patakaran at desisyon ng Partido sa kilusang pagwawasto, ayaw lubos na pumaloob sa disiplina ng Partido, ayaw manindigan laban sa mga aktibidad at elementong anti-Partido, at naghahabol ng pakikipagkasundo at pakikipagkaisa sa mga elementong anti-Partido. Ang tanging desisyon at aktibidad ng sentral na pamunuan na handa silang suportahan at lahukan ay ang pagdaraos ng kongreso ng pagkakaisa at paglalagom ng pagkakaisa.

Ito ang linya ng mga kasamang nanlalansi, o di kaya, hati ang isip, hati ang kaluluwa at gustong ipwesto ang sarili sa magkabilang panig ng bakod. Ang mga promotor ng iligal na "konsultasyon" ay nasa loob ng organisasyon pero gustong kumawala sa disiplina ng mga patakaran at desisyon ng Partido. Kaya ang linyang "hindi lehitimo, pero de facto" ay lapat na lapat sa pangangailangan nila.

Subalit gaya ng nilililaw sa papel na ito, ang ganitong linya ay salungat sa prinsipyo, salungat sa mga tuntunin ng Partido, at lubhang mapaminsala sa Partido at rebolusyon. Ito ay linyang nagdidisorganisa at nangwawasak din sa Partido.

k. Paksyunalismo ng sentro.

Ang akusasyong ito ay pinalipad ng mga promotor ng bagong "pusisyon ng NUFC" nang wala ni katiting na batayan. Ang pagpapalipad ng ganitong kaseryosong paratang ay nagiging libangan na lamang kapag nagsimula nang paglaruan ang mga prinsipyo at tuntunin ng Partido.

Ang usaping ito ay higit na sumasalamin sa takbo ng pag-iisip ng mga nagpaparatang kaysa sa aktwal na katayuan at pagkilos ng sentral na pamunuan. Sa kanilang liberal burgis na balangkas ng pag-iisip, ang kailangan at importante sa lahat ay ang pagkakasundo at pagkakaisa ng Partido at mga elementong anti-Partido, ng proletaryong rebolusyonaryong linya at ng linya ng bagong-tipong anti-komunismo, oportunismo at kapitulasyunismo. Kaya ang matatag na paninindigan at pagtatanggol ng sentral na pamunuan sa integridad ng Partido sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ay hindi kataka-takang mapagkamalan nila na "panatisismo", "kakitiran ng pag-iisip" at "paksyunalismo".

d. Panunupil at paglapastangan sa due process.

Ang pangkating Popoy at mga elementong anti-Partido ang pinakamaingay sa pagtatambol ng huwad na isyu tungkol sa absolutismo at awtoritaryanismo. Pero sila sa katunayan ang numero unong kumikital sa malaya at demokratikong pagpapasya ng mga kadre at kasapi ng Partido sa pamamagitan ng walang patumanggang pambabaluktot at disimpormasyon, manipulasyon at pailalim na pagkilos, pambabroso at paninindak sa mga kinakaya-kaya, at pag-aasal sanggano sa kilusang ligal. Hindi kailangan at hindi kailanman hinangad ng sentral na pamunuan ng Partido na sumalig sa ganyang mga pamamaraan. Ang hangad ng Partido ay mahigpit na pagkakaisa at matibay na determinasyon sa pakikibaka batay sa mulat na pagpapasya at paninindigan.

Ang pagtitiwalag sa mga indibidwal at pagbuwag sa mga grupong nanabotahe at nanggugulo sa loob ng Partido ay likas na demokratikong karapatan ng organisasyon. Ang mga rekisito sa pananatili sa loob ng Partido, ang mga tungkulin at karapatan ng mga kasapi at mga yunit ng Partido ay malinaw na itinatakda ng Konstitusyon ng Partido. Ang mga elementong anti-Partido ay malinaw, lantad at lansakang lumalabag sa pinakapundamental na mga kundisyon ng kanilang pananatili sa Partido at wasto lamang na tanggalin sa Partido. Kaugnay nito, ang pagkukulang ng sentral na pamunuan ay wala sa sobrang paggamit ng mga hakbang na pang-organisasyon, kundi nasa malaking pagkaantala ng mga ito dahil sa mga sirkunstansya at kunsiderasyong natalakay na

sa itaas.

May ilang elemento na gustong gumawa ng usapin sa diumanong pagsalig ng sentral na pamunuan sa mga hakbang na pang-organisasyon, sa halip na talunin daw sa debate ang "oposisyon". Dapat maintindihan nila na ang mga elementong anti-Partido, mula huling kwarto ng 1992, ay hindi lamang nanghamon at nag-umpisa ng debate laban sa mga pagsusuri at desisyon ng ika-10 plenum ng KS. Nangampanya rin sila ng panggugulo at pananabotahe sa organisasyon ng Partido. Kaya dalawang hakbang ang ginawa ng Partido: nakipagtalo sa mga pambabaluktot at mga maling konsepto na ipinalalaganap nila at kaalinsabay, gumawa ng mga pang-organisasyong hakbang para ipagtanggol ang integridad ng Partido laban sa kanilang pananabotahe at panggugulo.

Mayroon ding mga nagpapalaki sa usapin ng due process partikular sa pagharap ng mga nasasangkot bago gumawa ng anumang desisyon sa katayuan nila sa Partido. Pero mula ng sumuong sa todong kampanyang paksyunalista at anti-Partido noong huling kwarto ng 1992, ang mga elementong anti-Partido ay malinaw na wala nang kinikilalang pananagutan sa Partido at malinaw na ayaw nang kumilala o pumailalim sa istruktura at mga proseso ng Partido. Walang pakundangan na ang pangwawarat nila sa mga prinsipyo, integridad at organisasyon ng Partido. Kaya nang nagmungkahi ang isa sa "oposisyon" na mag-ulat at makipaglinawan sila sa sentro, inakusahan siya ng "SGVC" impostor na si Pol ng "appeasement". Ngayon, bakit aasahang haharapat magpapailalim sila sa pagdinig ng Partido sa kanilang mga kaso? At bakit tatalian ang kamay ng Partido sa pag-aksyon sa kanilang katayuan sa Partido habang hindi sila pumapayag na humarap at pumailalim sa mga proseso ng Partido?

Noong huling kwarto ng 1992 nagsikap ang KTKS na abutin at humingi ng pakikipag-usap sa mga pasimuno ng kampanyang paksyunalista at anti-Partido. Buong aroganteng binale-wala nila ang pakiusap ng KTKS na huwag palawakin ang sangkot sa kontrobersya. Todo-larga ang kanilang kampanyang anti-Partido at ang mga pasimuno nito ay paniwalang-paniwala na malapit nang sumiklab ang kanilang "bugso sa loob ng Partido". Pero nang sumadsad ang kanilang "bugso" at umaksyon ang KTKS para ipagtanggol ang integridad ng Partido, sila, kasunod ang mga nagtatakip sa mga kasalanan nila, ay pumapalahaw naman ng due process.

#### **D. Katayuan ng NUFC**

Tulad ng iba pang organo ng Partido, lubhang mahalaga at kinakailangan ng NUFC at mga yunit nito ang kilusang pagwawasto, kung hinahangad na magpunyagi sa rebolusyonaryong landas, mapangibabawan ang mga nakaraang paglihis at disoryentasyon, at labanan ang malakas na hangin ng rebisyunismo, oportunismo at likidasyunismo.

Ang pagkokonsolida at pagpapalakas sa mga yunit ng NUFC sa ideolohiya, pulitika at organisasyon ay usapin na matagal nang natukoy at nakahapag. Sa pag-uusap ng tumatayong tagapangulo ng NUFC at ng KTKS noong Nobyembre 1992, nilinaw ang pangangailangan ng puspusang kampanya ng konsolidasyon mula sa paglalagom ng mga karanasan, pag-aaral sa mga dokumento ng kilusang pagwawasto at mga kurso ng Partido, at reorganisasyon batay sa desisyon ng KS sa reorganisasyon ng mga sentral na organong namumuno at istap. Sinang-ayunan ito ng tumatayong tagapangulo ng NUFC at napagkaisahan ang mga kagyat na iskedyl ng kumperensya at paglalagom na parehong uupuan ng kinatawan ng KTKS.

May mga bahagi ng organisasyon ng NUFC na natangay at may mas malaking bahagi pa na nalito sa dagsa ng mga pambabaluktot at disimpormasyong pinakawalan ng kampanyang anti-Partido noong huling kwarto ng 1992. Gayon pa man, ang unang kumperensya ng mga namumunong kadre ng NUFC ay nanindigan para sa kilusang pagwawasto, kumilala sa ika-10 plenum ng KS at mga desisyon nito, at nanatili sa loob ng istruktura at mga proseso ng Partido. Kaya bagamat hindi tumupad ang tumatayong tagapangulo ng NUFC sa kasunduan sa pag-upo ng kinatawan ng KTKS at nakalusot sa kumperensya ang maraming disimpormasyon at pambabaluktot tungkol sa mga usapin sa proseso, nangibabaw doon ang matapat na paghahapag at pag-aaral sa paglalagom ng KS at sa kilusang pagwawasto at nahawakan ang mga rebolusyonaryong prinsipyo sa maraming usapin. Kahit may malalaking depekto, nahawakan sa unang kumperensya ang wastong konsepto at diwa ng Partido.

Subalit pagkatapos ng kumperensya, sa panahong mas lumala pa ang mga pang-aatake at pananabotahe ng mga elementong anti-Partido, lumakas nang lumakas ang pag-uurong-sulong ng ilang namumunong kadre ng NUFC. Mula Mayo inumpisahan ng tumatayong tagapangulo ng NUFC ang pagtalikod sa paninindigan sa kilusang pagwawasto at sa kanyang mga responsibilidad sa Partido. Ang dating paisa-isang pagdadala niya sa mga pambabaluktot at disimpormasyon ng mga elementong anti-Partido ay naging sadya at sistematikong

paninira na sa sentral na pamunuan. Hanggang sa umabot siya at ilan pang kasapakat niya sa tahasang pagmamaniobra ng ilegal na "konsultasyon" at tangkang pagpapalusot ng palsipikadong bagong "pusisyon ng NUFC" para sa kongreso ng pagkakaisa at paglalagom ng pagkakaisa.

Sa ilegal na "konsultasyon" inamin ng tumatayong tagapangulo ng NUFC na ang bagong "pusisyon ng NUFC" ay salungat sa patakaran ng sentral na pamunuan ng Partido. Sa kabila nito, nagugumiit siya at nanawagan sa mga yunit ng NUFC na tumindig at sumuporta sa "Programa ng Pakikibaka para sa Pagkakaisa ng Partido". Ang naturang panawagan, sa esensya, ay panawagan sa tuluyang paglabas sa istruktura at mga proseso ng Partido, upang itulak ang pakikipagkaisa sa mga elementong anti-Partido.

Kabilang sa pambabaluktot na ipinanggagalit nang walang matwid sa mga yunit ng NUFC ay ang reorganisasyon ng NUFC at mga sentral na organo ng Partido na pinalilitaw na maniobrang pang-organisasyon upang supilin ang mga tumututol o nagdadalawang-isip sa kilusang pagwawasto at sa pakikitunggali sa mga elementong anti-Partido. May partikular na panawagan ang tumatayong tagapangulo ng NUFC para tutulan ng mga yunit ng NUFC ang reorganisasyon.

Subalit ang reorganisasyon ng mga sentral na organong namumuno at istap, kabilang ang NUFC, ay bahagi ng mga desisyon upang pangibabawan ang sakit ng burukratismo, pagbabase sa syudad at kapabayaan sa mga saligang gawaing sa edukasyon at organisasyon sa loob ng Partido. Pinagpasyahan ng ika-10 plenum ang muling pagbubuo sa Pangkalahatang Kalihiman upang tiyaking tuluy-tuloy na naasikaso ang mga gawain sa organisasyon at edukasyon ng Partido. Pinagpasyahan ding iwanan ang dating commission-type ng organisasyon ng Partido na sumasalamín at naging behikulo ng dating pagkiling sa mga kampanya, masaklaw na propaganda at masaklaw na koordinasyon, sa kapabayaan ng mga gawain sa batayang antas, pang-ideolohiyang pagbubuo at masinop na pag-oorganisa.

Sa konsultasyon noong Nobyembre 1992 malinaw sa tumatayong tagapangulo ng komisyon at sinang-ayunan niya ang mga batayan, layunin, sangkap at saklaw ng reorganisasyon. Pinag-usapan ito nang hindi pa alam na mayroon nang kampanyang paksyunalista at anti-Partido. Siya mismo ay nagkusang magrehistro ng kagustuhang makalipat sa gawain sa teritoryo. Kaya malisyoso ang pagbaluktot sa usapin ng reorganisasyon at ang pag-atake sa sentral na pamunuan dahil dito.

Ang mga iligal na hakbang at malisyosong pakana ng ilang namumunong kadre ng NUFC ay hindi maaaring palampasin. Walang anumang panawagan, kahit panawagan ng pagkakaisa, ang maaaring maging sapat na batayan para guluhin at sirain ang mga istruktura at proseso ng Partido. Dapat tutulan at labanan ng lahat na matapat na kadre at kasapi ng Partido sa loob at labas ng saklaw ng NUFC ang panlalansi at pakanang panggugulo alang-alang sa pakikipagkaisa sa mga elementong anti-Partido. Nanawagan kami sa mga promotor ng iligal na "konsultasyon" at palsipikadong bagong "pusisyon ng NUFC" na itigil ang ganitong mga paglabag sa mga prinsipyo at mga tuntunin ng Partido.

Ang tumatayong tagapangulo ng NUFC at mga promotor ng iligal na "konsultasyon" at palsipikadong bagong "pusisyon ng NUFC" ay inaalis ng KTKS sa KT-NUFC at inaalis ng karapatang magsalita o kumilos sa ngalan ng NUFC at KT-NUFC. Sinisiyasat pa ang buong pangyayari sa likod ng iligal na "konsultasyon" at palsipikadong bagong "pusisyon ng NUFC" upang matukoy at maipirmi ang pananagutan ng mga indibidwal. Nananawagan kami sa mga kasamang ito na tumigil sa paglapastangan sa integridad at kapakanan ng Partido, mag-ulat, makipagharap at makipaglinawan sa sentral na pamunuan.

May binuong pansamantalang organong tagapangalaga na pamumunuan ng mga kagawad ng KT-NUFC na hindi sangkot sa iligal na "konsultasyon". Kagyat na aasikasuhin ng organong ito ang mga sumusunod: ayusin at buuin ang linya ng komunikasyon ng sentral na pamunuan sa mga namumunong kadre at yunit sa saklaw ng NUFC; magbuo ng mga kongkretong plano para sa tuluy-tuloy na pagpapatupad ng mga pag-aaral at pagwawasto sa NUFC at mga yunit nito; at pangalagaan ang mga yunit at gawain ng NUFC laban sa pananabotahe at panggugulo ng mga elementong anti-Partido.

Lahat ng namumunong kadre at yunit ng NUFC ay dapat umugnay, mag-ulat, makipagkoordinat at makipagtulungan sa organong ito para mabilis na maigpawan ang kaguluhang likha ng iligal na "konsultasyon" at maisulong ang kilusang pagwawasto at konsolidasyon sa mga yunit ng NUFC.

Nananawagan kami sa mga namumunong kadre at mga yunit ng NUFC na masigasig na kumilos at magkaisa para pangalagaan ang integridad ng Partido.

*Tala:*

*Ipalalaganap ang memorandum na ito sa mga namumunong organo ng Partido sa mga larangan at probinsya, pataas. Ang mga pagsusuri at patakarang nilililaw dito ay tatalakayin sa lahat ng kadre at kasapi ng Partido.*

eof\